# FABalita

OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN

freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB


"Sa ating pagtugon sa mga obligasyon natin sa trabaho at pamayanan, nagsisimula ang pagtupad ng mga pangarap natin para sa bayan."

## 1Bataan Village, soon to rise sa FAB!

Abot kamay na ng mga manggagawa sa Freeport Area of Bataan (FAB) ang abot-kaya at de-kalidad na pabahay hatid ng Provincial Government of Bataan (PGB) sa pakikipagtulungan ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB).

Kaugnay nito, dumalo ang AFAB, sa pangunguna ni Administrator Emmanuel D. Pineda sa isinagawang opening at blessing ceremony ng Housing Showroom noong 01 Hulyo 2022 para sa itatayong 1Bataan Village sa FAB.

Ang proyektong ito ay bunga ng pagtutulungan ng PGB, Opisina ng Bataan 2nd District Representative, lokal na pamahalaan ng Mariveles, at Home Development Mutual Fund (HDMF) o Pag-IBIG na buong pusong sinuportahan ng AFAB.

Pumirma rin sa isang Memorandum of Understanding (MOU) ang PGB at Pag-IBIG para isulong ang benepisyong murang pabahay na ang pangunahing makikinabang ay mga manggagawa ng FAB. ■




Sa pagbubukas ng opisina ng 1Bataan Housing Showroom, malugod itong tatanggap ng mga manggagawa sa FAB na nais dumulog tungkol sa proseso ng aplikasyon para sa naturang pabahay. ■

## Usapin ng bagong minimum wage sa rehiyon, tinalakay ng AFAB at DOLE




Si AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda kasama ang ilang kinatawan ng mga kumpanya sa FAB na dumalo sa AFAB-DOLE learning session tungkol sa usapin ng taas-sahod sa rehiyon. ■

Muling nagsagawa ang Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) ng learning session para sa mga FAB Registered Enterprises (FRE) noong 06 Hulyo 2022 upang masusing talakayin ang mga pinakabagong regulasyon sa pagpapatupad ng bagong minimum wage sa rehiyon.

Pinangunahan ng mga kinatawan mula sa Regional Tripartite Wages and Productivity Board – Region III (RTWPB) ang diskusyon tungkol sa mga inilabas na wage orders na inuuutos ang dagdag pasahod sa mga minimum wage earners at domestic workers.

Sa kanyang mensahe, hinimok ni AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda ang pamunuan ng mga FRE gayundin ang mga manggagawa sa FAB na patuloy na panatilihin ang mabuti at payapang ugnayan para sa ikauunlad ng Freeport para sa kapakinabangan ng lahat.

Layon ng aktibidad na ito na paigtingin pa ng kaalaman ng mga human resources representatives sa parehong karapatan ng mga manggagawa at employers sa usapin ng dagdag sahod, exemptions mula rito, at wage distortion. ■

# Kaalaman at proteksyon laban sa harassment, isinusulong ng AFAB

Patuloy na tinitiyak ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) na bigyang kaalaman at proteksyon ang mga empleyado nito laban sa anumang uri ng pang-aabuso, karahasan at diskriminasyon lalo na sa lugar ng trabaho.

Upang maisulong ang layuning ito, sumailalim ng ilang empleyado ng AFAB, kabilang ang mga miyembro ng Committee on Decorum and Investigation (CODI) at Gender and Development Committee sa isang pagsasanay tungkol sa Anti-Sexual Harassment in the Workplace noong 15 July 2022.



Aktibong nakilahok ang AFAB sa isinagawang pagsasanay tungkol sa Anti-Sexual Harassment bilang suporta sa layunin ng ahensya na labanan ito. ■

Sa pangunguna ni Mr. Sonny O. Quadro ng Civil Service Commission (CSC) Regional Office No. III, malalim na tinalakay ang usapin ng sexual harassment, mga kaakibat nitong polisiya, at mga hakbang kung paano ito resolbahin at iwasan. ■

# Planong pagpapalawig ng MDH, suportado ng AFAB



Masusing tinalakay ang planong palawigin ang kapasidad ng Mariveles District Hospital (MDH) sa isang pagpupulong na dinaluhan ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) kasama ang pamunuan ng MDH, Provincial Government of Bataan (PGB), 3rd Congressional District of Bataan sa pangunguna ni Cong. Maria Angela "Gila" Garcia, Municipality of Mariveles sa pangunguna ni Mayor Ace Jello "AJ" Concepcion at Architectural Designer na si Arch. Henry Mayuga noong 20 Hulyo 2022 sa The Bunker, Balanga, Bataan.

Doon inilatag ni MDH Chief of Hospital Hector Santos ang kasalukuyang estado at mga proyekto ng ospital gayundin ang serbisyong nais at maaari nilang ibigay para sa FAB at bayan ng Mariveles.

Ipinaliwanag din ni Dr. Santos ang mga hakbang at paghahandang kailangan nilang gawin upang maisasakatuparan ang hangarin na maitaas ang antas ng MDH bilang tertiary level teaching hospital sa ilalim ng pangalang Mariveles General Hospital and Medical Center. ■

# Mga serbisyong kaugnay ang trabaho, hatid ng AFAB Help Desk sa FAB workers




Higit 300 na manggagawa na ang nabigyang serbisyo ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Help Desk sa nakalipas na pag-iikot nito sa FCF at FPF Manufacturing Corporation sa buwan ng Hulyo.

Layon ng aktibidad na ito na ilapit ang mga serbisyo ng AFAB Labor Center, lalo na sa mga nagnanais maghanap ng pansamantalang trabaho, pag-proseso ng kanilang mga FAB ID, at mabilis na pagtugon sa kanilang mga katanungang may kinalaman sa trabaho.

Nakatakdang mag-ikot ang AFAB Help Desk sa iba't-bang bahagi ng FAB upang tugunan ang kahilingan ng mga kumpanyang alalayan ang mga manggagawa na matugunan ang kanilang mga hiling o katanungan kaugnay ang kanilang trabaho.

Samantala, ipinahahayag naman ng AFAB ang suporta nito sa mga kumpanya sa FAB na nais maglagay ng AFAB Help Desk sa kanilang lugar para sa kanilang mga manggagawa. ■

## FAB BITS



Sa isang courtesy call na isinagawa ni Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administrator Emmanuel D. Pineda Binisita kay Dong-In Group of Companies Chief Executive Officer (CEO) In Soo Jung noong 12 Hulyo 2022, malugod na ibinahagi ni IS Jung at iba pang mga kinatawan ng kumpanya ang plano nitong palakihin at palawakin pa ang operasyon ng Dong-In sa FAB. Sinuportahan naman ito ni Administrator Pineda at nangakong iaabot ang anumang suportang kailangan upang maisakatuparan ito. ■



Upang talakayin ang usapin ng kaligtasan at kalusugan sa Freeport, binisita ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) – Health Unit, sa pangunguna ni AFAB Public Health Consultant Dr. Noel Bernardo sina Mariveles Mayor Ace Jello "AJ" Concepcion at Health Sanitation Chairperson and Councilor Jester Ivan Ricafrente noong 26 Hulyo 2022. ■



Sumailalim ang lahat ng miyembro ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Public Safety and Security Department - Law Enforcement Division (PSSD-LED) sa isang pagsasanay noong 07-08 Hulyo 2022 tungkol sa Basic Intelligence Gathering, First Responder, at Police Interventions sa pangunguna ng Bataan Police Provincial Office (PPO) at 2nd Provincial Mobile Force Company (PMFC). ■